# Libreng gamot pang-maintenance sa 4 na QC hospitals

Balita · 20 Jan 2020 · 4 · Jun Fabon

May libre nang medical maintenance ang mga residente mula sa apat na ospital ng pamahalaan sa Quezon City gayundin ang health benefits, burial assistance bunga ng nilagdaang memorandum of agreement (MOA) sa tanggapan ni QC 4th District Councilor Imee Rillo.

Kasama ng Konsehala na lumagda sa kasunduan ang mga kinatawan ng East Avenue Medical Center (EAMC), Philippine Heart Center(PHC), Quirino Memorial Medical Center (QMMC), National Children's Medical Center (NCMC), Wyn Funeral Services at Amber Funeral Services.

Sa nasabing MOA, naglaan si Rillo ng P300,000 pondo sa EAMC, PHC, NCH at P200,000 pondo sa Quirino Memorial Medical Center (QMMC).

Pangunahing adbokasiya ng magasawang Rillo tinaguriang "Mr. at Mrs. Maintenance" ang public health sa lungsod. Isinulong sa kanilang health programs ang regular na pamamahagi ng maintenance medicines para sa high blood pressure at diabetes.

Ang indigent patients ay dapat na may letter of indigency mula sa kanilang barangay, medical prescription o medical abstract ng tanggapan ni Councilor Rillo para dalhin sa naturang apat na ospital na kasama sa kasunduan.

Agad nadakip ang lalaking suspek na kinilalang si Ye Gui Cai, nasa hustong gulang, Chinese national, nanunuluyan sa isang hotel sa Quirino Avenue, Barangay Tambo, sa nasabing lungsod.

Samantala nasa pangangalaga ngayon ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) habang sumasailalim sa debriefing at counseling ang mga biktima na sina Wei Meize, Pu Sheng Nan, Qin Xiao, Xing Ying, Fan Dan Dan ,Li Jing, Ai Ging, Ou Yang Yu Rong, Weng Weng, Xia Dan, at Liu Kelan, pawang nasa hustong gulang at Chinese nationals, naninirahan sa nasabing hotel.

Sa ulat, nagsagawa ng rescue operation ang mga tauhan ng District Special Operation Unit (DSOU), District Intelligence Unit, Women and Children Protection Desk (WCPD) ng Southern Police